# Marso 5, 2024

## Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo

**Ang pinili ninyong kinakatigang politikal na partido noong kayo ay huling nagparehistro para bumoto ang magtatakda sa kung sinong mga kandidato para sa pagkapangulo ang malilista sa inyong balota para sa eleksyon sa Marso 5, 2024.**

- ✔ Kung pumili kayo ng kinakatigang partido, makakukuha kayo ng isang balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo ng partidong iyon.
- ✔ Kung ang pinili ninyo ay walang kinakatigang partido, makakukuha kayo ng hindi-makapartidong balota na walang mga kandidato para sa pagkapangulo maliban na lang kung humiling kayo ng makapartidong balota. (Tingnan ang Q5 para sa karagdagang impormasyon.)

## Mga Madalas Itanong sa Primaryang Eleksyon

### 1 Paano ko ma-che-check ang aking kinakatigang partido?

Mag-log in sa ***sfelections.org/voterportal*** o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

### 2 Maaari ba akong pumili ng kahit anong kinakatigang politikal na partido?

Opo. Maaari kayong pumili mula sa anim na kuwalipikadong mga politikal na partido sa form para sa pagpaparehistro. Ang mga partidong ito ang magsasagawa ng kanilang mga primarya para sa pagkapangulo sa Marso 5, 2024.

### 3 Maaari ko bang baguhin ang aking kinakatigang partido para makaboto para sa ibang kandidato para sa pagkapangulo?

Opo. Para gawin ito, kakailanganin ninyong muling magparehistro para makaboto na may bagong partido.

Hanggang Pebrero 20, maaaring pumunta ang sinumang botante sa ***registertovote.ca.gov*** o kumumpleto ng isang papel na form para sa pagpaparehistro. Hanggang sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, maaari ninyong baguhin ang inyong kinakatigang partido sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, maaari ninyong baguhin ang inyong kinakatigang partido sa lugar ng botohan sa inyong komunidad. Tandaan, maaari lamang kayong bumoto sa primaryang eleksyon ng isang partido.

### 4 Kailangan ko bang pumili ng kinakatigang politikal na partido?

Hindi. Kung pipiliin ninyong magparehistro na walang kinakatigang partido, maaari pa rin kayong makakuha ng balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo ng ilang mga partido, ngunit hindi lahat. Hindi naaapektuhan ng inyong kinakatigang partido ang inyong kakayahang bumoto para sa alinmang ibang mga labanan sa balota.

### 5 Kung wala akong kinakatigang partido, paano ako makaboboto para sa mga kandidato para sa pagkapangulo?

Bilang isang botanteng walang kinakatigang partido, makakukuha kayo ng isang hindi-makapartidong balota na walang mga kandidato para sa pagkapangulo, maliban na lang kung humiling kayo ng balota ng isa sa mga partidong nagpapahintulot sa mga botanteng walang kinakatigang partido na makilahok sa kanilang mga primarya para sa pagkapangulo. I-check muli sa Departamento ng mga Eleksyon sa taglagas ng 2023 para alamin kung aling mga partido ang nagpapahintulot sa mga botanteng walang kinakatigang partido na bumoto para sa kanilang mga kandidato para sa pagkapangulo at kung paano humiling ng makapartidong balota.

## I-check ang inyong record bilang botante!

Sa Pebrero 2024, magpapadala sa koreo ang Departamento ng mga Eleksyon sa bawat lokal na botante sa address sa kanilang record bilang botante, ng isang balotang tumutugma sa kanilang nakarehistrong kinakatigang partido.

- ✓ Mag-log in sa ***sfelections.org/voterportal*** o tumawag sa (415) 554-4310 para suriin ang impormasyon sa inyong record bilang botante.
- ✓ Magpunta sa ***registertovote.ca.gov*** o magbalik ng isang papel na form para sa pagpaparehistro ng botante para i-update ang impormasyon sa inyong record bilang botante, kabilang na ang inyong address at kinakatigang partido.

## Kailangang magparehistro para makaboto?

Pumunta sa ***registertovote.ca.gov*** o tumawag sa (415) 554-4310 para sa papel na form para sa pagpaparehistro ng botante.

## Mag-apply para maging isang manggagawa sa botohan!

Kakailanganin naming mag-recruit ng higit sa 2,000 mga manggagawa sa botohan para magsilbi sa eleksyon sa Marso 5, 2024 – kabilang na ang maraming mga bilingguwal na mananalita. Maaari ninyong matulungan ang inyong komunidad at kumita ng aabot sa $295 bilang isang manggagawa sa botohan! Para mag-apply, pumunta sa ***sfelections.org/pwa*** o tumawag sa (415) 554-4395.

